



Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

Tanggapan ng Pansangay
na Tagapamanihala

APR 26 2023

MEMORANDUM PANSANGAY

**PAGSUPORTA AT PAKIKIISA SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO
SA OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA**

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, *Curriculum Implementation Division*
Punong Tagamasid, *School Governance and Operations Division*
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Kalakip nito ang Palibot-Liham mula kay Inhr. Allan A. Cachuela, Tagapangasiwang Panlungsod na may petsang Abril 19, 2023 at may paksang **Pagsuporta at Pakikiisa sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Opisyal na Komunikasyon at Korespondensiya** para sa impormasyon ng mga kinauukulan.
2. Inaasahan ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


EVANGELINE P. LADINES CESO V
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

COMMUNICATIONS

LANGUAGE

LEARNING AREA, FILIPINO

JABC / Pagsuporta at Pakikiisa sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Opisyal na Komunikasyon at Korespondensiya.
126 Abril 24, 2023

UN-2023-126



 Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan,
Muntinlupa City
 (02) 805-9935, (02) 805 - 9940
 sdomuntinlupa@gmail.com



0925042

51 126 1970



Republic of the Philippines

Office of the City Administrator

CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA

2/F Main Building, City Hall, Barangay Putatan, Muntinlupa City 1772



SDO-CITY OF MUNTINLUPA
Received _____
Date 4-24-23
Time 8:20a

Palibot-Liham

Para Sa : Lahat ng mga Pinuno at Kawani ng Pamahalaang Lungsod
Mula Sa : Tagapangasiwang Panlungsod
Petsa : Ika-19 ng Abril 2023
Paksa : Pagsuporta at Pakiki-isa sa Pag-gamit ng Wikang Filipino sa
Opisyal Na Komunikasyon at Korespondensiya

Alinsunod sa Memorandum Sirkular Bilang 2023-053 ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan, inuulit nito na ang lahat ay hinihikayat na gamitin ang wikang Filipino sa mga opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya ng pamahalaan. Ito ay bilang pagsunod sa mga alituntunin at patakaran na nakapaloob sa ika-apat na seksyon ng naturang Memorandum Sirkular at bilang pagtugon din sa isinasaad ng Konstitusyon.


Para sa inyong pagsangguni, kalakip dito ang kopya ng nasabing Memorandum Sirkular

Para sa kabatiran at mahigpit na pagtalima ng lahat ng kinuukulan.


Inhr. ALLAN A. CACHUELA

sipi : Rozzano Rufino B. Blazon, Punong Lungsod;
Gloria C. Aguilar, Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan;
Elizabeth A. Gaviola, CHRMD;
/stp

CENTRAL RECORDS OFFICE
RECEIVED

BY: ROAN MORALES 
DATE: 4/19/2023 TIME: 1:26



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
NATIONAL CAPITAL REGION
MUNTINLUPA CITY FIELD OFFICE

3rd Floor, Annex Building, Muntinlupa City Hall, Barangay Putatan, Muntinlupa City

0880 414 230 57

Abril 14, 2023

KGG. ROZZANO RUFINO B. BIAZON

Punong Lungsod
Lungsod ng Muntinlupa

CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
MAYOR'S OFFICE
Contact No. 8832-6436
RECEIVED

Date/Time _____ 3:40
Name _____ *name*

Dear Mayor Biazon:

Pagbati mula sa the DILG Muntinlupa Field Office!

Magalang naming ipinararating ang kalakip na dokumento para sa inyong karampatang aksyon at gabay :

Document	Summary	Required Action
DILG Memorandum Sirkular Bilang 2023-053 Paksa: "Pag-uulit ng Implementasyon ng DILG Memorandum Sirkular Bilang 2022-041, "Pagsuporta at Pakikiisa sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Opisyal na Komunikasyon at Korespondensiya" Petsa : Marso 31, 2023	Nilalayon ng Memorandum Sirkular na ito na gawing instrumento ang wikang pambansa o wikang Filipino para sa pagkakaisa at kapayapaan tungo sa pambansang kaunlaran.	Ang lahat ng mga Punong Lungsod ay hinihikayat na gamitin ang wikang Filipino sa mga opisyal na transyaksyon, komunikasyon, at korespondensiya ng pamahalaan bilang pagtugon sa isinasaad ng Konstitusyon at sundin ang mga alintunin at patakaran na nakasaad sa sekyon 4 ng naturang sirkular.

Maraming Salamat!

Sumasainyo,

[Signature]
GLORIA C. AGUHAR
Panlungsod na Direktor

*9/14/23
For dissemination
to offices.
pb*

RECEIVED
ADMINISTRATOR'S OFFICE
APR 17 2023
BY: *[Signature]* TIME: *9:40 AM*



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN
DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Quezon City
<http://www.dilg.gov.ph>

MEMORANDUM SIRKULAR
Bilang 2023 - 053

SA KINAUKULAN : LAHAT NG PUNONG LALAWIGAN, PUNONG LUNGSOD, PUNONG BAYAN, PUNONG BARANGAY, PANREHIYONG DIREKTOR NG DILG, ANG PUNONG MINISTRO AT ANG MINISTRO NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN NG BARM, AT IBA PANG KINAUKULAN

PAKSA : PAG-UULIT NG IMPLEMENTASYON NG DILG MEMORANDUM SIRKULAR BILANG 2022-041, "PAGSUPORTA AT PAKIKIISA SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA"

PETSA : MAR 31 2023

=====

1.0 Sanligan

- 1.1 Itinatadhana ng 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksiyon 6, na "ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino at habang ito ay nalilinig, ito ay dapat payabugin at pagyamanin pa batay sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang wika. At, alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspung itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon."
- 1.2 Itinatadhana rin ng 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksiyon 7 na para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay **Filipino** at, hangga't walang ibang itinatadhana ng batas, **Ingles**
- 1.3 Alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, Serye 1988, na nag-aatas sa lahat ng kawanihan, kagawaran, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya, inaatasan ang lahat ng tanggapan ng pamahalaan na gamitin ang Filipino sa lahat ng opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya.

"Matino, Mahusay at Maaasahan"
Pangunahing Numero ng Telepono 8876-3454

2.0 LAYUNIN

Nilalayon ng Memorandum Sirkular na ito na gawing instrumento ang wikang pambansa o wikang Filipino para sa pagkakaisa at kapayapaan tungo sa pambansang kaunlaran.

3.0 SAKLAW

Mga pamahalaang lokal sa probinsiya, lungsod, bayan at barangay sa buong bansa

4.0 ALINTUNTUNIN at PATAKARAN

- 4.1 Ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Panlungsod, Punong Bayan, at Punong Barangay ay hinihikayat na:

4.1.1 Gamitin ang wikang Filipino sa opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya ng pamahalaan bilang pagtugon sa nabanggit na batas at kautusan;

4.1.2 Isalin sa wikang Filipino ang Citizens Charter o gabay ng mamamayan ng bawat opisina ng pamahalaan;

4.1.3 Magtatag ng isang Lupon sa Wikang Filipino na mangangasiwa sa mga gawaing may kaugnayan sa mahusay na pagpapatupad ng mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg 335 s., 1988; at

4.1.4 Dumalo at lumahok sa libreng Webinar/Seminar sa Korespondensiya Opisyal (WSKO) na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino bilang oryentasyon at pagsasanay sa mga nakaatas na batas pangwika.

- 4.2 Ang mga Panrehiyong Direktor ng DILG at Ministro ng Interyor at Lokal na Pamahalaan ng BARMM ay inaatasan rin na dagliang ipalaganap ang direktibang ito sa kanila-kanilang nasasakupan.

5.0 SANGGUNIAN

- 5.1 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksiyon 6 at Seksiyon 7; at
- 5.2 Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, Serye 1988

6.0 BISA NG MEMORANDUM SIRKULAR

Ang Memorandum Sirkular na ito ay kaagad ipatutupad.

7.0 PAGTUGON

Para sa mga katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay Bb. Pinky Jane Santelices-Tenmatay, Komisyon ng Wikang Filipino sa sulatroniko pistenmatay@kwf.gov.ph o tumawag sa numerong 0920-6512-590.

8.0 PAGSANG-AYON NG AWTORIDAD


ATTY. BENJAMIN C. ABALOS, JR.
Kalihim



AS-HRMD-2023-03-01-008
BLGS/DTT/PCMD/rca

